Ligtas na BIYAHENG DAGAT

AT IBA PANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ipinamamahagi ng:

MARINA

MARITIME INDUSTRY AUTHORITY
ENFORCEMENT SERVICE

OPLAN LIGTAS BIYAHENG DAGAT

Ang mga sumusunod na paalala ay para sa iyong kaalaman at kapakanan.

Siguraduhing may kopya ka ng mga sumusunod na dokumento:

- Certificate of Public Convenience (CPC) – certified true copy
- Certificate of Ownership (CO)
- Certificate of Philippine Registry (CPR)
- Passenger Ship Safety Certificate (PSSC)
- Min. Safe Manning Certificate (MSMC)
- Bay & River / Coastwise License
- Certificate of Competency (COC)
- Passenger Insurance Coverage
- Load Line Certificate
- Ship Station License

Ligtas Na Biyaheng Dagat



Bago maglayag, mahalaga na nasa maayos na kalagayan ang iyong bangka:

- maayos ang kundisyon ng makina nito at walang lamat o sira ang katig at katawan ng bangka.

Ligtas Na Biyaheng Dagat



Ang kapitan at mga crew ng iyong bangka ay dapat sumailalim sa iba’t-ibang pagsusulit at pagsasanay upang masiguro na sila ay lisensyadong magmando ng bangka.

Dapat sila rin ay mayroong kopya ng mga lisensya o certificate na naaayon sa MSMC.

Ligtas Na Biyaheng Dagat

Ang mga kagamitang pangkaligtasan tulad ng life jacket, life ring, at life raft ay dapat nasa bangka at ito ay nasa wastong bilang.

Ang wastong bilang ng mga ito ay makikita sa likod ng iyong PSSC.

Ligtas Na Biyaheng Dagat

Ang wastong bilang ng fire fighting equipment, distress signal apparatus at radio communication devices ay dapat din na nasa bangka upang magamit sa oras ng pangangailangan.

Ang wastong bilang ng mga ito ay makikita sa likod ng iyong PSSC.

Ligtas Na Biyaheng Dagat

Siguraduhin na ang life jacket ay hawak ng mga pasahero bago maglayag ang bangka.

Bawat pasahero at crew ay dapat mayroong life jacket.

Ligtas Na Biyaheng Dagat



Maglayag lamang ng ayon
sa tamang bilang ng pasahero
na nakasaad sa iyong PSSC.

Ang pagsasakay ng labis na
pasahero ay maaaring maging
dahilan ng aksidente at kakulangan
ng kagamitang pangkaligtasan
para sa lahat.

Siguraduhin din na maayos
ang pagkakasalansan ng mga
kargamento o gamit ng pasahero.

Huwag magkarga ng mga
kargamentong higit sa
kapasidad ng bangka.



Laging isaalang-alang ang lagay ng panahon. Huwag nang maglayag kung ang panahon ay hindi maganda, tulad ng malakas na ulan at hangin at matataas na alon.

Ligtas Na Biyaheng Dagat

Habang nasa gitna ng biyahe, panatilihin ang kaligtasan at kapakanan ng mga pasahero.

Tandaan na responsibilidad ninyo na sila ay makarating ng ligtas sa kanilang patutunguhan.

TANDAAN

Ang **Ligtas na Biyaheng Dagat** ay makakamit kapag ikaw ay sumusunod sa mga regulasyon at polisiya ng MARINA.

Isang mahalagang paalala mula sa

MARITIME INDUSTRY AUTHORITY

DEPARTMENT OF TRANSPORTATION & COMMUNICATIONS

Tunghayan din ang sumusunod:

- **Paalala Para sa Mga May-ari at Operator ng Bangka**
- **Violations, Penalties, Offences**